

Manika ni Lina

Si Lina ay naglalaro. Kasama niya si Koko. Si Koko ay isang aso. Ito ay maamo. Si Lina ay may manika. Nawala ang manika niya. Nakita ito ni Koko. Tumahol ito kaya natagpuan ni Lina ang kaniyang manika.

Manika ni Lina

Mga Tanong:

1. Ano ang ginagawa ni Lina?
2. Ano ang alaga ni Lina?
3. Ano ang nangyari sa manika?
4. Sino ang nakakita sa manika?
5. Ano ang ginawa ng aso nang makita ito?

Sa Palengke

Sabado noon. Nagbihis si nanay. Kinuha niya ang basket. Lumabas siya ng bahay. Sumakay siya ng dyip papunta sa palengke. Bumili si nanay ng mga gulay. Nais niyang magluto ng pinakbet.

Sa Palengke

Mga Tanong:

1. Sino ang umalis?
2. Ano ang kinuha ni nanay?
3. Ano ang sinakyan ni nanay?
4. Saan nagpunta si nanay?
5. Ano ang binili niya?
6. Ano ang lulutuin niya?

Regalo

Kaarawan ni Nila. May regalo siyang natanggap. Ang regalo ay nasa kahon. Binuksan ni Nila ang kahon. May laman itong bag. Sa loob ng bag ay mayroong pitaka. Tuwang-tuwa si Nila.

Regalo

Mga Tanong:

1. Sino ang may regalo?
2. Bakit siya nakatanggap ng regalo?
3. Saan nakalagay ang regalo?
4. Ano ang regalo niya?
5. Ano ang nasa loob bag?
6. Ano ang damdamin ni Nila?

Balat ng Saging

Nagmamadali si Nilo. Bumaba siya ng hagdan. May balat ng saging sa hagdan. Hindi ito nakita ni Nilo. Siya ay nadulas. Nakita siya ni Luis na umiiyak. Tinulungan siya ni Luis papuntang klinika.

Balat ng Sagging

Mga Tanong:

1. Sino ang nagmamadali?
2. Saan siya bumaba?
3. Ano ang nasa hagdan?
4. Ano ang nangyari kay Nilo?
5. Sino ang tumulong sa kaniya?
6. Saan sila nagpunta?